


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 1

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ika-apat na Markahan – Modyul 1:

## "Utos ng Ama't Ina, Ako'y Tatalima"



**Pangalan:**___________________________________________

**Baitang at Seksyon:**__________________________________

**Paaralan:**_____________________________________________



# Alamin

Mahalaga ba ang pagkamasunurin ng anak sa mga magulang? Ang pagkamasunurin ng anak sa kanilang mga magulang ay isa sa mga magagandang katangian na dapat nating ipagmamalaki.

Sa modyul na ito ay mauunawaan ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng pagsunod sa mga utos ng magulang.

**Kasanayang Pampagkatuto:**

Nakasusunod sa utos ng mga magulang. (EsP1PD-IVa-c-1)



# Subukin

Panuto: Iguhit ang masayang mukha ( ☺ ) kung ang pangungusap ay nagpapahayag ng pagsunod sa utos ng magulang at malungkot na mukha ( ☹ ) kung hindi.

______1. Sinunod ni Perla ang utos ni Nanay na ihanda ang mga pinggan sa mesa.

______2. Dinala ni Rico ang palakol kay Papa dahil inutusan siya.

______3. Sinabihan ni Papa si Cerila na linisin ang hagdan ngunit hindi niya ito ginawa.

______4. Pinauwi na ni Nanay si Lani ngunit nagpatuloy pa rin siya sa paglalaro.

______5. Pinakain ni Nilo ang pusa dahil inutusan siya ng kanyang Tatay.

| Modyul 1 | Magulang Ko: Susundin Ko |
| --- | --- |



## Balikan

Muli nating pag-usapan ang ating mga natutunan tungkol sa pagkalinga sa kapaligiran. Sa pa pamamagitan ng 3Rs: reuse, recycle at reduce.

**Panuto**: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ang mga ginamit na *drinking straw* ay ginawang parol.
   Ano ang tawag sa paraang ito?
   A. recycle B. reuse C. reduce
2. Ang damit ni ate ay pinutulan ni Nanay upang magkasya sa kanyang nakababatang kapatid.
   Ano ang tawag sa paraang ito?
   A. reuse B. reduce C. recycle
3. Ang pinagprituhang kawali ni Nanay ay hinugasan ni kuya upang magamit muli.
   Ano ang tawag sa paraang ito?
   A. reuse B. recycle C. reduce
4. May tatlong Kab scout na namumulot ng mga bote at plastic upang makatulong sa pagpapanatili ng kalinisan sa paligid.
   Ano kaya sa palagay ninyo ang gagawin nila sa mga napulot na basura?
   A. Itapon sa ilog. C. Sunugin nila.
   B. Ibenta sa junk shop.
5. Sino sa kanila ang nakakatulong sa pagpapanatili

ng kalinisan sa paligid?

A. Si Romy na gumawa ng maraming eroplanong papel at ito"y kanyang iniwan sa plasa pagkatapos niyang maglaro.

B. Inutusan ni Tatay si Marlo na gawing alkansiya ang lata ng gatas ngunit ayaw niya sa halip ito'y itinapon niya sa ilog.

C. Isinilid ni Beta sa sako ang mga basiyo ng juice pagkatapos ng *Birthday party* dahil gusto niya itong ipagawa ng bag sa kanyang Nanay.



## Tuklasin

Tingnan ang larawan sa ibaba. Dito ay makikita natin na ang anak ay may magandang katangian dahil sinunod niya ang utos ng ina.



Sinunod ng anak ang utos ng kanyang Nanay na alagaan ang kanyang tanim sa pamamagitan ng pagdidilig araw-araw.

*https://thumbs.dreamstime.com/z/cute-little-boy-character-watering-plants-watering-can-vector-illustration-white-background-cute-little-boy-character-117430513.jpg*



## Suriin

### Tandaan

Mahalaga ang pagsunod sa mga utos ng mga magulang dahil sila ang mas may alam ng mga bagay-bagay na ikabubuti sa kanilang mga anak. Tanda rin ito ng paggalang at pagbibigay respeto sa kanila. At tiyak na

masaya ang pamilya kung ang mga anak ay masunurin sa kanilang mga magulang.



## Pagyamanin

**Panuto**: Isulat sa sagutang papel ang **Tama** kung ang pangugusap ay nagsasabi ng pagkamasunurin at **Mali** kung hindi.

______1. Agad lumapit si Ramil nang tinawag siya ni tatay upang tumulong  sa pag-aayos ng bakod.

______2. Nagtulug-tulugan si Laling nang inutusan siya ni nanay na maghugas ng pinggan.

______3. Hindi sinunod ni Ana ang utos ng nanay na iligpit ang higaan pagkagising sa umaga.

______4. Kusang ginawa ni Jasmin ang kanyang mga nakatakdang gawain sa bahay.

______5. Mabilis na bumili ng asin si Berto nang utusan siya ni nanay habang nagluluto ng ulam sa kusina.



## Isaisip

**Panuto**:  Pagtambalin ang utos na nasa **Hanay A** at ang larawan ng pagsunod nito na nasa **Hanay B.** Isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot.

| **Hanay A** | **Hanay B** |
| --- | --- |
| 1. Linisin mo ang palikuran. | A.  |

<a href="https://www.freepik.com/photos/food">Food photo created by freepik - www.freepik.com</a>

2.Diligan mo ang mga tanim.

B. 

Cartoon kid cleaning a toilet - happy child standing in restroom holding a plunger. Cute African boy doing house chores - isolated flat vector illustration.

3. Pakainin mo ang mga manok.

C. 

https://thumbs.dreamstime.com/z/cute-little-boy-character-watering-plants-watering-can-vector-illustration-white-background-cute-little-boy-character-117430513.jpg

4. Sagutan mo na ang iyong takdang – aralin.

D. 

By Pieter de Hooch - The Wallace Collection, Public Domain, https://commons.wikimedia.org/w/index.php?curid=20970345

5. Dalhan mo ng baon ang tatay mo.

E. 

By Natalie Choi - Own work, CC BY-SA 4.0, https://commons.wikimedia.org/w/index.php?curid=56473406




## Isagawa

Gawin mo ito. ( 5 pts.)

Tingnan ang mga larawan sa ibaba. May isang bata na inuutusan ng kanyang Tatay na mag-igib ng tubig sa balon. Kulayan mo ang daan na dadaanan ng bata mula sa bahay papuntang balon.



Boy carrying a metal container in Nepal
*Date: 11 November 2009 Source: Flick: IMG 4139*
**Author: Donald Mcaunley**



By Jkwchui - Own work, CC0, https://commons.wikimedia.org/w/index.php?curid=15002205



By Martin Kraft - Own work, CC BY-SA 4.0, https://commons.wikimedia.org/w/index.php?curid=94901306

F

Rubrik

5 – Nakulayan nang buo ang daan.

3 - kalahati lang ng daan ang nakulayan.

1 – Nakulayan pero sa hindi tamang daan.



**Tayahin**

**Panuto**: Isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot.

___1. Ano ang gagawin mo kapag inuutusan ka ng iyong magulang?
A. Magbingi-bingihan
B. Gagawin agad ang inutos ng magulang.
C. Magdadabog habang ginagawa ang utos.

___2. Ang bilin ni nanay ay maglinis sa bahay. Sino sa kanila ang nakasunod sa iniutos ng nanay?
A. Buong araw na nakipaglaro sa kapitbahay si Fe.
B. Nanonood ng telebisyon si Dante.
C. Si Mina na nagwawalis sa sahig.

___3. Ano ang mararamdaman ng mga magulang kapag ang mga anak ay masunurin?
A. Masaya B. Malungkot C. Magalit

___4. Ang batang masunurin ay __________ ng mga magulang.
A. ikahihiya B. ipagmamalaki C. itatakwil

___5. Ano ang tawag ng batang sumusunod sa utos ng magulang?
A. mahiyain B. tamad C. masunurin



## Karagdagang Gawain

**Panuto**: Buuin ang isang pangako.

**Pangako sa Pagkamasunurin sa Utos ng Magulang**

Ako si ____________________ na nasa unang baitang, antas _________ ay nangangako na susundin ko ang mga utos ng aking magulang dahil ako ay isang batang masunurin.

Kasiyahan nawa ako ng Panginoon.

__________________________________

Pangalan ng masunuring bata

## Sanggunian


https://i.pining.com/originals/a6/65/cd/a665cd4505f944c1a11b4f6f1b78428d
https://previews.123rf.com/images/attaphong/attaphong1512/attaphong15
https://thumbs.dreamstime.com/z/cute-girl-red-cap-costume-basket-her-
https://encrypted-tbn0.gstatic.com/images?q=tbn:ANd9GcRs5fNcKlsNzEL-dagN75rrXQCu9Uz6_jwqfQ&usqp=CAU
https://cdn5.vectorstock.com/i/thumb-large/14/84/girl-clean-up-garbage-with-broom-and-dust-pan-bw-vector-21861484.jpg
https://previews.123rf.com/images/attaphong/attaphong1512/attaphong151200002/49745252-coloring-book-child-feeding-chickens-vector.jpg



**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

Manunulat: Falconeri R. Enoy
Master Teacher I
Ipil Central Elementary School
Zamboanga Sibugay Schools Division

Editor: Daylinda P. Ragadio, Jerlyn Faith B. Gitalan

Tagasuri: Romelyn A. Enojardo

Mona Lisa M. Babiera, Ed.D
*Education Program Supervisor*

Tagalapat: Falconeri R. Enoy

Tagapamahala:

Evelyn F. Importante
*OIC-CID Chief EPS*
Aurelio A. Santisas
*OIC-Assistant Schools Division Superintendent*
Jerry C. Bokingkito
*OIC-Assistant Schools Division Superintendent*
Jeanelyn A. Aleman, CESO VI
*OIC-Schools Division Superintendent*